# Biyayang Nagpapabanal

WEEK 3

## WARM-UP

- Magkuwento tungkol sa pagkain na gusto mo ngayon pero hinding-hindi mo gusto noong bata ka.
- Kung mabibigyan ka ng pagkakataon na matutong gawin ang isang bagay o makapag-aral ulit, ano ang pipiliin mong gawin o aralin? Bakit ito ang napili mo?
- Anong masamang bagay na nakasanayan mo ang nagawa mong ihinto? Paano mo ito nagawa?

## WORD

[11]*Sapagkat ang biyaya ng Diyos na nagbibigay ng*
*kaligtasan ay inihayag na sa lahat ng tao.* [12]*Ito ang*
*nagtuturo sa atin na talikuran ang kasamaan at*
*makamundong pagnanasa. Kaya mamuhay tayo sa*
*mundong ito nang maayos, matuwid at makadios*
[13]*habang hinihintay natin ang napakagandang pag-asa,*
*na walang iba kundi ang maluwalhating pagbabalik ng*
*ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo.*
[14]*Ibinigay niya ang kanyang sarili para sa atin upang*
*tubusin tayo sa lahat ng kasamaan, at upang tayo'y*
*maging mamamayan niya na malinis at handang gumawa*
*ng mabuti.* **TITO 2:11–14**

Dahil sa biyaya ng Diyos, tayo ay ginawang matuwid sa Kanyang paningin. Subalit hindi lamang ito ang kayang gawin ng biyaya ng Diyos. Sa pamamagitan nito, tayo rin ay nagiging banal—nagbabago at naligtas mula sa kapangyarihan ng kasalanan. Ang biyaya ng Diyos lamang ang makapagbabago sa atin mula sa loob patungo sa labas. Ang nakapagliligtas na biyaya ng Diyos ay nagdadala ng kaligtasan, at ang tunay na kaligtasan ay bumabago sa atin upang tayo ay maging katulad ni Cristo. Paano tayo binabago ng nagpapabanal na biyaya ng Diyos?

## 1 Ang biyaya ng Diyos ay nagtuturo sa atin na talikuran ang kasalanan.

*[11]Sapagkat ang biyaya ng Diyos na nagbibigay ng kaligtasan ay inihayag na sa lahat ng tao. [12]Ito ang nagtuturo sa atin na talikuran ang kasamaan at makamundong pagnanasa. Kaya mamuhay tayo sa mundong ito nang maayos, matuwid at makadiyos . . .* **TITO 2:11,12**

Kung ayon lamang sa ating kakayahan, hindi natin kakayaning tumanggi o lumaban sa tukso. Ito ang dahilan kung bakit ang *biyaya ng Diyos na nagbibigay ng kaligtasan ay inihayag.* Ang Kanyang biyaya ay nagbibigay sa atin ng kakayahan upang tumalikod sa kasalanan at mga pagnanasa sa mundo. Dati, hindi natin mapigilang magpadala sa mga tukso, subalit dahil sa Kanyang biyaya, nawawalan ng kapangyarihan sa atin ang kasalanan at hindi na natin ito hinahangad. Paano mo nakita ang katotohanang ito sa buhay mo?

## 2 Ang biyaya ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng kakayahan na mamuhay nang may kabanalan.

*[12]Ito ang nagtuturo sa atin na talikuran ang kasamaan at makamundong pagnanasa. Kaya mamuhay tayo sa mundong ito nang maayos, matuwid at makadiyos [13]habang hinihintay natin ang napakagandang pag-asa, na walang iba kundi ang maluwalhating pagbabalik ng ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo.* **TITO 2:12,13**

Ang Kanyang nagpapabanal na biyaya ay nangangahulugan na sa bawat araw, tayo ay nababago tungo sa Kanyang kadakilaan. Maaari tayong mamuhay *nang maayos, matuwid, at makadiyos* sa gitna ng makasalanang mundo. Hindi natin kayang mamuhay nang may kabanalan nang mag-isa. Gayunman, ang Diyos ay may kapangyarihan upang dalhin tayo sa *Kanyang harapan nang walang kapintasan* (Judas 24). Bakit natin kailangang maging banal? (1 Pedro 1:15,16)

## 3 Ang biyaya ng Diyos ang naglilinis sa atin para sa Kanya.

*[13]. . . habang hinihintay natin ang napakagandang pag-asa, na walang iba kundi ang maluwalhating pagbabalik ng ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo. [14]Ibinigay niya ang kanyang sarili para sa atin upang tubusin tayo sa lahat ng kasamaan, at upang tayo'y maging mamamayan niya na malinis at handang gumawa ng mabuti.* **TITO 2:13,14**

Ang Diyos ay may layunin para sa pagpapabanal sa atin. Ginagawa Niya tayong malinis para sa Kanya, tulad ng ginagawang paghahanda sa babaing ikakasal para sa kanyang mapapang-asawa. Nais ng Diyos na magkaroon ng ugnayan sa atin. Tinubos at nilinis Niya tayo mula sa ating kalooban. Ito ang pagpapabanal: ang mailaan at maging malinis para sa Kanya. Inihahanda ng Diyos ang Kanyang mga mamamayan upang makapiling Siya. Paano nabago ng katotohanan na nais ng Diyos na magkipag-ugnayan sa atin ang paraan mo ng pakikipag-ugnayan sa Kanya?

## APPLICATION

- Ano ang ilan sa mga tukso na nahihirapan kang tanggihan? Paano ka pa higit na aasa sa biyaya ng Diyos na mapagtagumpayan ang mga ito?
- Ang pamumuhay nang may kabanalan ay pwedeng mangyari kung aasa tayo sa biyaya ng Diyos upang tayo ay maging tulad ni Cristo. Ano ang dalawa o tatlong bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang mas maging katulad ka pa ni Jesus?
- Mag-isip ng isang kapamilya o kaibigan na kailangang maka-alam na binigyan tayo ng Diyos ng biyaya nang walang kapalit upang magawa nating tumanggi sa kasalanan. Paano mo mahihikayat ang taong ito na mamuhay nang may kabanalan sa harapan ng Diyos?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa ginawa Niya sa buhay mo at dahil binigyan ka Niya ng kalinisan. Ipanalangin na lagi mong maalala na binigyan ka Niya ng kapangyarihan na tumanggi sa kasalanan.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan na mamuhay araw-araw nang may kabanalan. Ipanalangin na palakasin Niya ang kagustuhan mo na sumunod sa Kanya sa gitna nang makasalanang mundo.
- Ipanalangin ang mga kapamilya, kaibigan, o komunidad na hindi pa nakararanas ng nagpapabanal na biyaya ng Diyos. Ipanalangin na makikilala at matanggap nila ang inihahandog Niyang katuwiran.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph